ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 14 Agosto 13 - 19, 2018 • P10.00

Mail Permit No. 2C-17-05-533
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
LAYOUT ARTIST
Look for KA INDO
JUST CALL OR TEXT:
0997-9088638/ 0918-6174067

## DAGA KAPALIT NG BIGAS, PROYEKTO SA CAVITE

pahina 2



ANNE CURTIS: KUNG IBIBIGAY NG DIYOS, SUPER SAYA AKO

p.8

## 2018 Yakult Non-Master Rapid Chess Tournament sa Agosto 19

pahina 6

## KUMPYANSA SA ATHLETES NG PATAFA SA ASIAN GAMES

p.7

## BACOOR ASSEMBLY, THE PROCLAMATION OF PHILIPPINE INDEPENDENCE

pahina 5

## DOH-CALABARZON STARTS ITS ROUND OF INSPECTION OF HEALTH FACILITIES

p. 11

## SS CHARTER AMENDMENT TO BE STRINGENT ON BOARD MEMBERS' QUALIFICATIONS

p.9

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# DAGA KAPALIT NG BIGAS, PROYEKTO SA CAVITE

**UPANG mabawasan kundi man maiwasan ang pagkakasakit na leptospirosis na nakukuha sa mga ihi ng daga, nagkaideya ang isang barangay chairman na mapuksa ang mga daga subalit mapapakinabangan ng mga residente sa kanyang nasasakupan.**

Ayon kay Barangay Chairman Jonjon Cupino ng Brgy. Silangan Uno, Rosario, Cavite, inilunsad nito ang programang "Bigas Ko, Palit ng daga mo" sa kanyang barangay na puksain ang mga daga sa kanilang lugar subalit makikinabang ang mga ito.

"Pinapahuli po namin ang mga daga at ang isang daga na kanilang mahuhuli ay maari nilang ipalit sa isang kilo ng bigas," ayon kay Chairman Cupino

Maaaring ipalit ang daga kapalit ng isang kilo ng bigas sa kanilang barangay hall.

Ayon pa kay Chairman, ang konseptong ito ay kanyang naisip kung saan bukod sa mapupuksa ang daga sa kanilang barangay, maipapalit pa nila ng bigas at maiwasan pa ang pagkakasakit ng leptospirosis na dulot ng ihi nito.

Dagdag pa ni Chairman na maaaring magpalit ng kahit na gaano karaming daga at maaari din manghuli sa ibang barangay subalit kinakailangang residente lang ang magpapalit.

Nagsimula ang kanyang progra na tinawag na" Bigas ko, palit ng daga mo, noong July 29 na tinangkilik naman ng kanyang kabarangay.

Ang mga dagang ipinapalit sa kanila ay kanilang ibinabaon sa lupa. (GENE ADSUARA)

Cupino said, "In this way we launched this program so it can greatly help us, because the rats and their plagues made a destruction to any household items. It also adds their pungent odor that is spread everywhere in the corner of the house with their urine that we really fear. So to make our residents hunt the rats harder. We made a rake program to catch the pest rats in exchange for a kilo of rice, so the more and many rats they catch, the more rice they will be take home. "

In the official statement of the Municipal Doctor of Rosario, Cavite Dr. Noriel Emelo, "Leptospirosis is a serious illness, but it can be prevented and treated immediately. Now a days there are so many rats everywhere, every time the floods were started, the bacteria that came from the rats especially their urine also join in the water flow. That is why it is not surprising that the rainy season is also the time of leptospirosis. " The Doctor added," The urine of the rats blend with floodwater were the leptospirosis bacteria can penetrate into the body with foot injuries, legs, knees or any part of the body that have been washed or digested in flood waters. "The residents of Barangay Silangan 1 of Rosario, Cavite were thankful and very delighted because of this helpful program.

Where the local government Rosario, Cavite also praised the initiative of the said barangay that would also be shared in neighboring barangays. **(Dagdag ulat ni Reyland G. Lopez)**

# DOE brings 'E-Power Mo' forum to Albay

**LEGAZPI CITY** — The Department of Energy (DOE) conducted its "E-Power Mo" campaign forum in Albay to inform consumers about employing technology to save energy under the current administration's energy policy.

About 200 senior citizens, government employees, academe, youth sector and market vendors gathered on Tuesday at the Casablanca Hotel's Function Hall in this city for the forum in partnership with the Philippine Information Agency (PIA).

"The E-Power Mo" multisectoral forum aims to empower individual consumers by giving them a sense of ownership and responsibility when it comes to their supply needs," said Bennie Recebido, PIA regional officer in-charge said in an interview.

"Participants are expected to serve as campaign partners in influencing other energy consumers to be more informed and involved in managing and handling their energy supplies," Recebido added.

"E-Power Mo" also aims to raise awareness on energy roadmap and policies designed to empower the consumers.

DOE discussed the energy situation in the country in general, and in Albay in particular.

Meanwhile, the National Grid Corporation of the Philippines (NGCP) tackled its role in the industry, as well as the projects it implemented in Luzon and their impact in Albay while the Albay Power and Energy Corp. (APEC) presented the Magna Carta for residential electricity consumers, with discussions on getting to know power bills and electricity consumption.

DOE also aims to consolidate public support to the DOE's goal of expanding energy supply options for energy consumers and to increase the number of energy consumers, who will shift to different sources of energy. ***(PNA)***

## KALIBRE

ROMY SANTOS

0977-7844136



# Paglilinaw ni Mayor LMR; Congrats kay PRO4A RD

PORMAL na inilunsad ng nakaraang Lunes (Agosto 6) ang librong PROCLAMATION Philippine Independence, The Truth About August 1 ,1898 Bacoor Assembly gayundin ang pagpapalabas ng maigsing documentary film na pinamagatang 'Agosto Uno: Ang Kasaysayang Nakalimutan,' na pinagbidahan nina Cavite Vice Governor Jolo Revilla, sa papel na Emilio Aguinaldo, at Christian Babies, bilang Aplonario Mabini.

Pagkaraan ng mga taon na pagsasaliksik na may kinalaman sa Philippine Independence ay ganap na naisulat o natapos ang naturang libro sa pamamagitan ni Dr. Emmanuel Franco Calairo, History professor ng De La Salle University- Dasmariñas.

Ang librong ito at ang nasabing short film ay inilimbag at nilikha ng City Tourism Development Office sa ilalim ng City Government of Bacoor sa liderato ni Mayor Lani Mercado Revilla.

Bakit nga ba ito ginawa?

Sa pamamagitan ng maselan at masusing pagsasaliksik sa ating kasaysayan ay maituturing na isang kayamanan ang nahukay.

June 12, 1898 (120 taon na ang nakakaraan) nang ideklara ni Heneral Emilio Aguinaldo ang kalayaan ng ating bayan sa harap ng libu-libong tao na nagtipon sa tahanan nito sa Kawit, Cavite.

Ang pagdeklara ng kasarinlan ay batay sa nilikha ni Ambrosio R. Bautista, na siya rin mismo ang bumasa nito.

Isinabay na rin sa pagtitipon ang pagwagayway ng Watawat ng Pilipinas.

Ano iyong sinasabi na kasaysayang nakalimutan?

Pagkatapos noong June 12, 1898 ay inatasan ni Gen. Aguinaldo si Apolinario Mabini na lumikha o sumulat ng panibagong 'Acta dela Proclamation dela Independencia del Pueblo.'

Masasabing nawalang saysay ang June 12 proclamation na isinulat ni Bautista.

Ang sinasabing new declaration ay niratipikahan noong Agosto 1, 1898 ng 190 municipal presidents mula sa 16 lalawigan na nasa kontrol ng revolutionary army.

Ginanap ito sa pansamantalang tanggapan o tahanan ni Gen. Aguinaldo sa Bacoor.

Ang pagkakaiba lamang ay hindi ito magarbo o maituturing na sagrado ang pagtitipon dahil walang ingay kumpara noong Hunyo 12.

Ngayon po, nagugulumihan o nalilito ba kayo?

Kaya nga sa puntong ito ay may ipinalabas na paglilinaw si Mayor LMR.

Hindi hangad ng butihing mayora na malito o magulo ang isipan ng sambayanan.

Kaya nga po nakalimutang kasaysayan, ibig sabihin ay ipinapaalam o ipinapaalala lamang ni Mayor LMR na ang Bacoor ay mayroong bahagi o papel sa Philippine Independence.

Wala rin pong intensiyon ang pamahalaang lokal ng Bacoor na palitan ang nakasanayan o nakaugaliang kasaysayan.

Sa halip ay hangad lamang na sariwain at ipagpunyagi ang Agosto Uno, 1898 Bacoor Assembly...huwag kalimutan ang kasaysayang ito.

@@@

Isang pagbati po kay Police Regional Office 4A Regional Director Chief Supt. Edward E Carranza

Tinangpap nitong Agosto 8 ni Gen. Carranza ang parangal ng PRO4A bilang Best Police Regional Office 2017 mula mismo kay Pangulong Rodrigo Roa Duterte kaugnay ng 117th Police Service Anniversary Celebration sa PNP National Headquarters, Camp Crame, Quezon City.

Congrats din sa Batangas Provincial Mobile Force Company sa kanilang award bilang Best PMFC 2017.

# 2 PATAY SA CAVITE, DAHIL SA KAGAT NG DIKYA?

**HINIHINALANG dahil sa kagat ng dikya (jellyfish) kaya namatay ang dalawang katao na natagpuan ng mga mangingisda sa gilid ng baybayin dagat ng Brgy. Julugan, sa Tanza,Cavite**

Hindi na umabot ng buhay sa Tanza Family Clinic ang biktimang sina Christian Remo, 20, ng 149 Pinagpala St. Julugan 6, Tanza; at Rosebell Cristobal, 18, dalaga, ng Banana Island, Brgy. Daang Amaya 2.

Sa report ni PO3 Dennis Magsaysay, ng Tanza Municipal Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang nagtungo umano ang dalawa sa tabi ng babayin dagat ng Brgy. Julugan.

Ilang mangingisda ang dumaan sa lugar kung saan nakita ang dalawa na walang malay at nakalutang kaya humingi sila ng tulong sa barangay officials na siyang nagdala sa ospital subalit idineklarang dead-on-arrival.

Ilang residente ang nagsasabi na kinagat ng dikya ang dalawa kung saan marami umano sa nasabing baybay, na naging dahilan ng kanilang kamatayan.

Tumanggi naman si Magsaysay na kumpirmahin kung dahil sa kagat nga ng dikya namatay ang dalawa dahil pinagbawalan umano sila ng kanilang hepe na magsalita tungkol sa isyu.

Tumanggi rin ang mga kaanak ng biktima na isailalim sa awtopsiya ang bangkay ng dalawa.. **GENE ADSUARA**



# KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

## "Pepe", "dede": Kelan ba nagiging bastos ang isang salita?

**INSPIRASYON SA BUHAY: "**... 'Narinig ninyong sinabi, 'Huwag kang mangangalunya.' Ngunit sinasabi ko sa inyo, ang sinumang tumingin sa isang babae nang may pagnanasa ay nangangalunya na... Kung ang kanang mata mo ay nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon... Mabuti pang mawalan ka ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa ang buo mong katawan ang itapon sa impiyerno'..." (si Jesus, ang ating Diyos at Tagapagligtas, sa Mateo 5:27-30, Bibliya).

-ooo-

**"PEPE", "DEDE": KELAN BA NAGIGING BASTOS ANG ISANG SALITA?** Kelan ba nagiging bastos ang isang salita? Kapag ang gumagamit ng mga salita ang bastos mismo! Halimbawa nito ay ang paggamit ng mga salitang "pepe" at "dede" sa kampanya upang maipakilala ang sistemang pederal na isinusulong ng gobyernong Duterte. Hindi ba totoo na ang "pepe" at "dede" ay mga bahagi lamang ng katawan ng mga babae?

Na, lahat naman ng mga babae mula pa noong unang panahon ay may "pepe" (kung saan isinisilang nila ang mga sanggol na nagiging tao), at may "dede" (na siyang pinanggagalingan ng sustansiya ng mga sanggol?) Ibig sabihin, hindi komo ginamit na ang salitang "pepe" o "dede", kabastusan na ang ibig sabihin ng gumamit. Ang kabastusan ay nasa isip lamang ng mga miron, na kundiman naiinggit ay mga kritikong ang layunin ay manira lamang.

-ooo-

**SINO LANG ANG MAKIKINABANG SA EDSA ONE-PASSENGER POLICY NG MMDA?** Sang-ayon ako na tanging ang mga pampasaherong bus sa EDSA ang makikinabang sa one-passenger policy ng Metro Manila Development Authority (MMDA). Maliwanag na ang nais paboran ng MMDA dito ay ang mga may-ari at mga operator ng mga bus, di ba? Marami kasi ang nagsasabi, milyon-milyong dahilan daw buwan-buwan ang tinitingnan dito.

-ooo-

**PANGAKO NG DIYOS AMA NA MAGKAKATAWANG-TAO SIYA**: Noong isinumpa ng Diyos Ama ang ahas matapos nitong turuang magkasala sina Adan at Eba sa pamamagitan ng pagsuway sa Kanyang mga utos, nagpahayag na rin Siya ng pangakong dadating Siya mismo sa daigdig, bilang anak ng babae o bilang tao na may laman at dugo.

Ang dahilan ang pagtungo ng Ama sa daigdig ay iisa lamang: upang pigilan ang parusa ng walang hanggang uod at apoy sa impiyerno na dapat ay daranasin ng mga sumuway (at sumusuway pa) sa mga utos ng Diyos. Makikita po ito sa Genesis 3:15 ng Bibliya, kung saan sinabi ng Diyos sa ahas na dahil ibinuyo niya sa kasalanan ng pagsuway a utos ang tao, maglalaban ang kanyang binhi at ang binhi ng babae (na ang Diyos na nga mismo).

Sa pahayag sa Genesis 3:15, tiniyak ng Diyos ang pagkatalo ng ahas, at, dahil diyan, natiyak din ang kaligtasan ng tao sa uod at apoy ng impiyerno, sa buhay na walang hanggan. Ito ang magandang balita ng pagliligtas ng Diyos. Ang dapat lamang maunawaan ng mga tao ay ito: hindi lahat ay magkakamit ng kaligtasan. Yun lamang nakakaunawa ang maliligtas.

-ooo-

**PREAMBLE NG FEDERAL CONSTITUTION LABAN SA PAGKAKAHATI-HATI NG PHL:** Ang Preamble ng mga Saligang Batas—gaya ng Preamble ng panukalang Konstitusyong Pederal sa bansa—ay layong magpaliwanag kung bakit merong mga saligang batas ang mga bansa, kasabay ng pagtatatag sa ilalim ng mga ito ng sistema ng gobyernong ipaiiral. Sa Preamble ng bagong Konstitusyon, nililinaw doon na magbabago ang sistema ng pamumuno sa atin—mula sa purong pampanguluhan tungo sa sistemang pederal.

Ganunpaman, ang Preamble ng panukalang Federal Constitution ay di lamang pagpapahayag ng pagbabago ng sistema ng gobyerno sa bansa. Mas malayong mahalaga ang Preamble na ito sa mga Preamble ng mga Saligang Batas noong 1935, 1973 at 1987, dahil itinatalaga nito ang alituntuning hindi kailanman pupuwedeng hatihatiin ang Republika. Ganito ang itinatakda ng Preamble ukol dito: "upang itatag ang isang pang-habangpanahon at hindi mahahating bansa..."

Napakahalaga ng ganitong Preamble sa puntong ito ng kasaysayan kung saan nahaharap tayo sa banta ng pagkalas ng ilang bahagi ng ating teritoryo mula sa Pilipinas, at ang pananalasa ng rebelyon sa iba't ibang dako, kasabay pa ng pagsalakay ng China sa South China Sea. Layon ng Preamble na ito na ipakilala sa bawat sektor sa bansa at maging sa mga dayuhang gaya ng China ang ating pagtanggi na mahati-hati o maagaw ang ilang bahagi ng Pilipinas.

-ooo-

**PARA SA MGA TANONG, REAKSIYON:** Kung mayroon pong gustong magtanong sa akin sa mga bagay na tinalakay dito o sa ibang isyu, o magsangguni ng kanilang mga problema, anuman ang problemang iyon, tawag po kayo sa 09778059058, o mag-email sa batasmauricio@yahoo.com o mag-post sa www.facebook.com/attybatas. Promise, sasagot po agad ako. Salamat sa Diyos sa Ngalan Ni Jesus, Amen!

# SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



## 'Diretsong pulis'

MAAYOS o malaki na ang suweldo ng mga tauhan ng Philippine National Police.

Pero bakit mayroon pa rin ilang pulis na pumapasok sa iba't ibang kalokohan o iligal na gawain?

Tinupad ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kanyang pangako na pagdoble sa sahod ng pulis.

Kaya naman hindi maiiwasan na manggalaiti siya sa sobrang galit nang iharap sa kanya ang tinatayang 100 pulis na may kinasasangkutang kasong kriminal at administratibo.

Hindi lang basta matinding galit bagkus ay mayroon pang pagbabanta kay Digong.

Katagang 'papatayin' ang muling namutawi sa Pangulo lalo na roon sa nasasangkot sa mabigat na asunto.

Pinapakitang muli at pinapanindigan ni Duterte na wala siyang pakialam sa human rights.

Paglilinaw ng Chief Executive ay hindi iyon isang banta o pananakot.

Basta kung may hindi maganda o masamang mangyayari para kay Digong ay batay na rin iyon sa asal o kagustuhan ng mga pulis.

Palaisipan kung tutuusin ang tinuran ng Presidente sa mga pulis na huwag na raw maglagak ng piyansa sa halip ay magtiis na lamang sa kulungan.

May mga nakakaharap at nakakausap din naman tayong mga pulis na para sa kanila ay sapat na ang magandang sahod na natatamo nila.

Ibig sabihin ay kuntento na sa suweldo upang ibuhay sa kanilang pamilya.

Iyong mga hindi nakukuntentong pulis marahil ay may iba't ibang dahilan.

Maaaring sabihing may ibang babae o pamilya kaya kailangan ng 'sideline' kahit iligal o bawal.

Puwede rin na may kung anong klase ng bisyo kagaya ng pagiging adik sa sugal.

Anak ng saluyot naman talaga, 'buti pa itong isang pulis na kilala ko na kahit wala namang bisyo o ibang pamilya ay may ibang 'sideline' o iba pang pinagkakakitaan bukod sa pagiging isang alagad ng batas.

Iyon nga lamang ay sa malinis na pamamaraan ang ibang source of income ng binabanggit kong pulis.

Marangal ang kanyang 'sideline' kahit pa labis na mamantikaan ang mga kamay at katawan niya.

Proud of you Tata Leo, isa kang diretsong pulis.

# EDITORYAL

## Agam-agam ng mga magsasaka

**HINDI maiaalis ang agam-agam para sa mga kababayan nating magsasaka kapag naisabatas ang Rice Tariffication Bill.**

**Kapag naisabatas ito ay sinasabing tatanggalin ang quantity restriction (QR) sa mga bigas na iniaangkat mula sa iba't ibang bansa.**

**Isinasaad din sa panukala na magkakaroon na lamang ng 35 porsiyentong taripa para sa mga ito at ang malilikom sa mga imported price ay ilalagak sa Rice Competitve Enhancement Fund (RCEF).**

**Ito naman ang tulong na ipagkakalob sa mga magsasaka na ipambibili ng mga itatanim na hybrid rice, fertilizer at gagamiting mechanization equipment.**

**Kung dadami ang bigas na aangkatin sa ibang bansa ay hindi kaya mabalewala na ang mga kababayan nating magsaka mula sa mga bigas na kanila namang inaani?**

**Mandato ng National Food Authority (NFA) ang pagbili ng mga palay mula sa ating mga kababayang magsasaka.**


ADVERTISING RATES

COMMERCIAL --------- P200/col.cm
LEGAL/NOTICES ----- P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **ronejed@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**



PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication



*Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.* papi

IRESPETO NATIN...



ni Jojo Demetilla

# NATIONAL ID AT PAMBABATIKOS KAY PCOO ASEC. MOCHA USON

Nagiging kontrebersyal na naman si Asec. Uson sa mga pahayagan at mga balita sa lumabas na viral video nila ng kaibigan blogger na si Drew Oliver hinggil isyung pepe-dede-ralismo habang sinasayaw nito ang federalism na iminumustra nito ang kamay sa may dibdib at ibaba ng harapan nito sa sayaw na masagwa Kung unawain mo ang mga salitang binitawan ng mga kagalang-galang na mga mambabatas.

Marami ang nabastusan dito sa sayaw ng kaibigan ni Asec. Uson na si Oliver na di natin konpirmado kong ito bay tunay na bading o hindi ayon sa ating nakitang videomas marami pa ag mas masagwa dito

Ang ating nakikita sa makabagong panahon na higit pang masagwa kung suriin nating mabuti ang mga nakikita sa mga internet at wala tayong narinig sa kanila kung silay makatotohanan o hindi dangan nga lamang ang pinaguusapan dito ay ang feralismo tungo sa pagbabago n gating saligang batas na kanilang pinguusapan sa kasalukuyan.

Na angating mga naririnig ay hindi na makakalusot ito sa senado ang federalism na isinusulong ng Pangulong Duterte na kanilang ibabasura ito pag dumating na sa Senado taliwas ika nila nag mga ipinakikita ng PCOO Asec Uson. May pagkakonserbatibo talaga ang bawat nilalang lalot Kung di mo kilala ang taong nagsasalita sa kanilang mga ginagawa. Lalot sila lamang ang nakakaalam sa kung ano mang pambababoy ang ginagawa sa kaban ng bayan at ng kanilang mga sarili. Sabagay labas na tayo riyan kung mayron man.

Halos pareho lang ang resulta at epekto ng kasalukuyan pagbabbatikos sa pirmado ng batas National Identification System Act na pinirmahan nan g Presidente at ipatutupad ito sa buong kapuluan ng bawat mamamayang pinoy para iisang ID na lamang ang gagamitin sa lahat ng transaksyon sa gobyerno na para atin din naman ito kung matino kang mamamayan wala kang dapat na katakutan at kung ikw naman may ginagawang kalukohan madali kang masubaybayan lalot kung may itinatago kang kawalanghiyaan sa iyong buhay.

Para sa matitino walang dapat na alalahanin lalot wala ka naming kalohan at hindi ka lumalabag sa batas at hindi naman tayo mg terorista iisang ID sapat na at wala pang abala kung ikaw ay may inaayos na transaksyon sa pamahalaan mas madali mayos at di na kailangan pa ang kung ano anong ID pa ang hahanapin sa iyo bago mo makuha ang iyong kini calim sa ano mang transaksyon sa private man o pang gobyerno.

Sa ating mga tagasubaybay sa dyariong hanep at sa radio ng dzrj 810 khz araw araw tuwing 6 ng gabi up to 7pm Monday to sfriday salamat sa lahat pwedeng tumawag at magparticipate sa aking programa tumawag lamang sa mga tel. no. bilang 8954460/8978374 o kayay magtext sa cp no. bilang 09154796581 lahat ng messages ay aking pong binabasa. Pwede ring makinig sa website live youtube rj am Makati facebook rj am Makati at sa facebook dzrj 810 am and streanline just type www.ustream tv/channel/dzrj 810 am. Salamat po.

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
& EX-OFICIO SHERIFF
IMUS, CAVITE

HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, (otherwise known as PAG-IBIG Fund)
Mortgagee,

-versus-

EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118

F.C.CASE NO. 16224-18

ARJAY CHESTER S. MORABE
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by PAG-IBIG FUND or HDMF, mortgagee, with principal place of business at Rm.202, 2/F, The Atrium of Makati, Makati Ave., Makati City against , ARJAY CHESTER S. MORABE mortgagor with residence and postal address at Lot 13, Blk. 3, Phase A, The Legian Imus Subd., Carsadang Bago II, Imus, Cavite and/or #37-A Madre Silva St., Roxas District, Quezon City, Metro Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 4, 2018 amounts to SIX HUNDRED SEVENTY NINE THOUSAND FOUR HUNDRED EIGHTEEN PESOS & 8/100 (Php 679,418.08), Philippines Currency including interest and penalties, but excluding attorney's fees, sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale the, undersigned will sell at public auction on September 4, 2018 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main Entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC Multiple Sala, Imus, Cavite to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following property with all improvements therein, to wit:

TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. T-1339634

"A parcel of land (Lot 13, Blk.3, of the cons.-subd. plan, Pcs-04-023917, being a portion of Lots 1313, (RS-04-004172), 1315 (RS-04-00439) and 1314, (Imus Estate) situated in the Bo. of Carsadang Bago II, Mun. of Imus, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the NW., along line 1-2 by Rd. Lot 11, on the NE., along line 2-3 by Lot 15, Blk. 3.,on the SE., along line 3-4 by Lot 14, Blk.3; and on the SW., along line 4-1 by Lot 11, Blk. 3, all of the cons.-subd. plan x x x containing an area of FORTY TWO (42) SQUARE METERS"

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on September 11, 2018 at 10:00 o'clock in the morning without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance therein if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, July 16, 2018.

(Sgd) ALEX E. MARTINEZ
Sheriff IV

APPROVED: (Sgd) REGALADO E. EUSEBIO
Clerk of Court VI
& Ex- Oficio Sheriff

COPY FURNISHED:
HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND
JELP Business Solution Center
409 Shaw Blvd., Mandaluyong City

ARJAY CHESTER S. MORABE
Lot 13, Blk. 3, Phase A, The Legian Imus Subd., Carsadang Bago II, Imus, Cavite

#37-A Madre Silva St., Roxas District, Quezon City, Metro Manila

Publication: HANEP August 6, 13, and 20, 2018

---

EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF MARITES A. MANILA

KNOW ALL MEN BY THESE PRESENTS:

This EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE is made and entered into by and among:

Hitler Abundo Manila, Filipino, of legal age, married to the late MARITES A. MANILA, with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Himmler Michael Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Hazel Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Baragay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Hess Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

WITNESSETH:

WHEREAS, the above-named parties are the surviving heirs being the widower and children of the late MARITES AVILA MANILA who died on March 4, 2013 in Bacoor, Cavite. Attached herewith is the copy of the Death Certificate and made an integral part of this instrument;

WHEREAS, there are no known debts or obligations due against the estate of said decedent;

WHEREAS, the said deceased died INTESTATE and left a property located at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite containing an area of ONE HUNDRED SIX square meters (106)square meters covered by Transfer Certificate of Title No. T-645699 more particularly described as;

Title T- 645699

A parcel of land ( Lot 4 Blk. 1 of the subd. Plan PSD-04-077811, being a portion of lot 4620, Imus Estate LRC Rec. No. ), sit. In the Brgy. of Molino, Mun. of Bacoor, Proovince of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the W., along line1-2 by lot 5 Blk. 1 of the subd. Plan. On the N., along lines 2-3-4-5 by road 1; on the E., along line 5-6 by Lot 3 Blk. 1 of the subd plan; and on the S., Along line 6-7-1 by lots 4618 & 4619, Imus Estate. Beginning at a pt. marked "1" on plan being N. 55 deg. 52'W., 1040.61 m. fr. Mon. No. 178, Imus Estate; thence N. 16 deg. 10'W 13.40m. to pt. 2; thence N. 81 deg 01'E., 1.80m. to pt. 3; thence N. 82 deg. 57'E., 5.28 m. to pt. 4; thence N.89 deg. 51'E., 2.39m. to pt. 5; thence S. 07 deg. 13'E., 11.7lm. to pt. 6; thence S. 82 deg. 57'W., 1.00m. to pt. 7; thence S. 71 deg. 30'W., 6.50m. to the pt. of beginning, containing an area of ONE HUNDRED SIX (106) sq. meters. All pts. Referred to are indicated on plan & are marked on the ground by PS cyl. Conc. mons 15 x 60 cm., bearings true date of orig. Survey July 27, 1905-June 11, 1908 & that of the subd. Survey Dec. 2 to 10, 1994 & was approved on august 17, 1995.

WHEREAS, there are no known debts or obligations due against the estate of said decedent;

WHEREAS, it is to the very best interest of the parties hereto to adjudicate and settle unto themselves the entire estate of MARITES AVILA MANILA extrajudicially in the form and manner hereinafter to wit;

a. Widower, Hitler Abundo Manila shall received his FIFTY (50 %) percent or ½ share and one fourth 1/4 share as heir in the conjugal property of the aforecited real property.

b. Himmler Michael Avila Manila, Hazel Avila Manila and Hess Avila Manila shall received one fourth (1/4) share as heir +of the aforecited real property.

NOW THEREFORE, for and in consideration of the premises, and invoking the provisions of Rule 74, Section 1, of the Rules of Court, the parties hereto do by these presents agree to divide and partition the entire estate above described, adjudicating, as they do hereby adjudicate, however, to the liabilities imposed by Rule 74, Section 4, of the Revised Rules of Court, in favor of any other possible heirs, creditors, and other persons who might be deprived of their lawful participation in the estate of the decedent, for a period of two years; and

That in the event that any other property of the decedent should later be found which is not included hereinabove, the parties hereto further agree to distribute, divide, and adjudicate, as they do hereby distribute, divide and adjudicate, the same in like manner and proportion as herein established and disposed.

IN WITNESS WHEREOF, the parties hereto have hereunto set their hands this _____________ at City of Bacoor, Cavite.

| | |
|---|---|
| HITLER A. MANILA<br>Widower/heir | HIMMLER MICHAEL A. MANILA<br>Heir |
| HAZEL A. MANILA<br>Heir | HESS A. MANILA<br>Heir |

W I T N E S S E S

__________________ ____________________

A C K N O W L E D G M E N T

Republic of the Philippines )
City of Bacoor, Cavite ) S. S

BEFORE ME, a Notary Public for and in City of Bacoor Cavite, personally appeared:

| NAME | ID No. | DATE/PLACE OF ISSUE |
|---|---|---|
| HITLER A. MANILA | No4-88-080026 | May 17, 2018/Driver's License- |
| IMMLER MICHAEL A. MANILA | P1302325A | Dec. 19, 2016/Passport |
| HAZEL A. MANILA | N26-13-021850 | Dec. 10, 2015/Driver's License- |
| HESS A. MANILA | No.201800478 | St. Dominic College Of Asia |

Known to me to and to me known to be the same person's who executed the foregoing documents and acknowledge to me that same is their free and voluntary act and deed. This document refers to an Extra Judicial Settlement of Estate of Marites Avila, consisting of 2 (two) pages, including this page wherein this acknowledgement is written, signed by the parties and their witnesses at the bottom of the document on page 1 and at the left-hand margin of page 1 and 2.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and affixed my notarial seal this July 25, 2018 at _____________, Philippines.

Doc No: 176
Page No: 36
Book No: 21
Series of: 2018

HANEP July 30, August 6 and 13, 2018

# BACOOR ASSEMBLY, THE PROCLAMATION OF PHILIPPINE INDEPENDENCE

**City of Bacoor, Cavite - A new historical discovery took place in Bacoor City which resulted in a change in the history of the City. That's where a book was formed after five (5) years of research so that the hidden and discovered events were clear with some indications that the Bacoor Assembly took place a hundred and twenty years ago. Last August 6, 2018, The Bacoor City Government launched a book entitled "Proclamation of Philippine Independence, The Truth About August 1, 1898 (The Bacoor Assembly) together with the short film documentation which led by Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla, Dr. Emmanuel Franco Calairo The Author of the Bacoor Assembly Book, Dr. Jose Diaz of Bacoor Historical Society, Mr. Edwin Guinto City of Bacoor Tourism Officer and Mr. Jose Napoleon Cuenca Head Bacoor Tourism Council.**

Along with the the book launching with a short documentary film, a press conference was held and attended by several national and local media organizations and some questions in the press conference were responded by Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla, Where the City Mayor clearly stated, "The Bacoor Assembly has not been published to harass our country's history, but what we are doing is, we are informing everyone that such an event which took place here in Bacoor on August 1, 1898 is based on the information we collected along with some landmaks and that we were persistently based and relinquished to the Philippine Historical Society. Where we have evidence or landmarks to prove this event. "

The City Mayor also added, "Perhaps we are commemorating the day of independence on June 12 but August 1, this is the so-called"The Hidden Chapter in the Philippine history "which is called "The Bacoor Assembly" held on August 1, 1898 and at present we are now gradually communicating with our citizens here in the City of Bacoor, throughout the province of Cavite and most especially in our academe where we have started with film showing last two weeks. "

In the statement of Dr. Emmanuel Franco Calairo, author of the Bacoor Assembly Book, said, "It is clear for us that based on our research that August 1, 1898 our independence was proclaimed, which served as the first Malacañang house was in Bahay na Tisa which also a proven landmark of this event (The Bacoor Assembly) and at present it will be found here in the municipality of Bacoor. And the event was signed by General Emilio Aguinaldo where it was attended by almost three (3) million Filipinos came from different parts of the Philippines. "

Mr. Edwin Guinto The Tourism Officer of Bacoor, "In 2014, historians have noted that August 1, 1898 was signed by General Emilio Aguinaldo and our freedom were witness here by the various delegates, with the Presidente Municipal of various provinces , Filipino soldiers and Filipino civilians set by Apolinario Mabini. **( Reyland G. Lopez)**




Pinangunahan ni Bacoor City Mayor Lani Mercado Revilla ang pagpapakita ng Librong Proclamation (Philippine Independence) mula sa panulat ni Emmanuel Franco Calairo, Historyador na kanilang sinaliksik na naglalaman na sa Bacoor unang naproklama ang Araw ng Kalayaan sa lupain ng Bacoor, Cavite. Ayon sa kasaysayan, isinagawa ni Gen. Emilio Aguinaldo ang Bacoor Assembly noong August 1, 1898 sa lugar ng Bacoor. **(Christian Heramis)**

# Magdiwang Bridge in Noveleta town to open in 30 days

**NOVELETA, Cavite** - Magdiwang Bridge is expected to open to motorists in 30 days as the contractor of the Department of Public Works and Highways (DPWH) continues cementing works on the bridge over the weekend.

"Maraming salamat po sa action unang-una po kay DPWH Secretary Mark Villar, sa DPWH-Cavite at sa contractor po ng project na ito sa pag-aksyon sa aming kahilingan (We thank first of all DPWH Secretary Mark Villar and the DPWH-Cavite for their actions and the project contractor for responding to our request)," Mayor Dino Chua said Monday.

The contractor rush the construction of the historic bridge after the Mayor Dino Reyes Chua last month noted the delay aired by constituents here since the closure of the bridge to traffic last Jan. 22, 2018.

Magdiwang Bridge serves as a vital link connecting this town to Cavite City and the towns of Kawit, Rosario and Tanza. Once completed, it is seen to ease the monstrous traffic in the area.

The DPWH has ordered the closure of Magdiwang Bridge for major repair and rehabilitation worth PHP 31 million. Time table would have been finished in 90 working days.

The delay has since caused traffic jams in the area during rush hours. Constituents inconvenienced by the project delay has reached the attention of Mayor Chua and the municipal engineering office.

"Sa ngayon ho, eh nadadaanan na po ng mga bisikleta at mga tao ang Magdiwang Bridge, di na po kame iikot sa Brgy. San Jose at Santa Rosa para makarating ng Cavite City o kalapit na barangay (as of now, bicycles and people could now pass through the Magdiwang Bridge, (and) we don't have to go around Magdiwa," one of local residents Marvin Vallido said.

The city is closely monitoring the construction of the bridge, with occasional complaints from affected motorists and constituents reaching the mayor's office.

Contractor Hexmind Construction targets to open the bridge in a month as the concrete cement needs to harden enough to ensure the bridge's safety and strength before its formal reopening.

In the meantime, traffic re-routing remains enforced by the Noveleta Traffic Management Bureau headed by Ricky Saria, to guide motorists and commuters to alternate routes towards Barangay San Jose and Barangay Santa Rosa in this town. ***(Dennis Abrina/ PNA)***



## HELMET

ni FREDDIE MANALAC

# ANG MASAMANG EPEKTO NG TRAIN LAW SA HORSE RACING INDUSTRY

MARAMING horse-owners ang nahihirapan na sa buwanang gastos kada kabayo dahil sa malaking binagsak na premyo.

Marami tuloy diumano mga kabayo ang tumatakbo sa tatlong karerahan na kulang na sa mga gamot at sulplemento.

Totoo ba ang kumakalat na balita na isang handicap- per ang tuluyan ng sinibak sa pwesto dahil sa katiwalian. Balita marami itong mga kabayo nilagay sa mababang klasipikasyon kapalit diumano ng malaking halagang pera.

Kumikilos na ngayon ang NBI at GAB para tumulong sa industriya ng karera. Kamakailan lang may niraid na isang KTV-OTB sa Maynila dahil sa ilegal na bookies na kanilang tinatayaan at paso na ang lisensiya nito. Maraming nadampot at kinasuhan.

Dapat yata ay ibalik ang batas nanagbababawal na magkakasama ang magkakapatid omagkakamag-anak na hinete sa isang karera.

Kamakailan lang isang liyamadong kabayo ang natalo ay may bahid ang pagkatalo nito sa karera sa kabayong sakay ng kanyang kaanak.

Dapat din matuto ang Bayang Karerista kumilatis at iklasipika ang mga nagmamay ari ng mga kabayo. Meron mga matitinong may ari at meron din naman mga bahid ng kalokohan.

Huwag sanang akusahan ng di maganda na may halo pang sumpa at dinadawit pa ang ibang kapamilya ng mga ito.

OOO

Bakit di kaya obligahin ng Philippine Racing Commission (PHILRACOM) ang mga gumagawa ng iba't ibang programa na ilagay ang mga tamang impormasyon ng mga kabayo.

Meron di nilalagay ang lahi (sire and dam), owner at trainer ng isang kabayo sa kanilang mga programa gayung may kamahalan ito.

Sana ay mapansin ito at kumilos ang mga may kinauukulan dito upang di makaapekto sa bumababang interest ng Bayang Karerista maging ang mga bisitang banyaga na mahilig sa karera.

OOO

Napakalaki ng naging epekto ng TRAIN LAW sa industriya ng karera ng kabayo. Nagsitaasan lahat ng presyo ng mga gamot, suplemento at ibang gamit ng mga kabayo.

Ang upa ng trailer ay tumaas din dahil sa presyo ng krudo. Maging sa mga mananaya nagkaroon din ng pagbabago dahil sa PISO nilang TAYA 66 sentimos na lang ang nalalaban.

Di gaya sa SABONG 10 sentimos lang ang buwis. Pero ayon sa Games and Amusement Board (GAB) labag sa batas ang pusta sa labas ng **SABUNGAN**.

# 2018 Yakult Non-Master Rapid Chess Tournament sa Agosto 19

**HANDA na ang lahat sa gaganaping 2018 Yakult Non-Master Rapid Chess Tournament sa Agosto 19, 2018, 8am na gaganapin sa Robinsons Place Tuguegarao.**

"Open to all non-master chess players and so far is one of the biggest tournament in Cagayan. We are looking forward to seeing a lot of participants. Let the battle of the brains begin." sabi ni 28-years-old Bryan Cyril Martinez, Officer-in-Charge ng Healthy Tummy Corporation na dating top chess player ng Colegio De San Juan De Letran-Calamba.

"Healthy Tummy Corporation is a Yakult Distributor for the Provinces of Cagayan, Kalinga and Apayao." dagdag pa ni Mr. Bryan Cyril Martinez.

May cash prizes ang naghihintay sa mga magwawagi kung saan ang magkakampeon sa non-master division ay mag-uuwi ng P7,000 at trophy habang nakalaan naman sa runner-up ang P5,000 at trophy at ang third-placer naman ay P3,000. Ang fourth placer ay magbubulsa ng P2,000 at ang fifth hanggang 10th place ay tatangap ng tig P1,000.

Para sa pagpapatala at iba pang detalye ay makipag-ugnayan kay tournament manager Mr. Linar Agustin sa mobile number: 0935-545-1521 at maari ding magpatala sa Cagayan Chess Development Club number 49 Taft Street, Centro 03, Tuguegarao City, Cagayan.

Ang Tournament Registration fee ay P300. Ang Last Registration ay sa Agosto 17, 2018. **(Marlon Bernardino)**

## PAANYAYA PARA SA FIDE SEMINAR NG IO SA TAGAYTAY NGAYONG NOBYEMBRE

**HANDA** na ang lahat sa pagdaraos ng FIDE Seminar para sa mga International Organizers mula Nobyembre 6 hanggang 10, 2018 na gaganapin sa Tagaytay International Convention Center sa Tagaytay City, Philippines.

Ang lecturer ay si International Arbiter (IA) at International Organizer (IO) Casto "Toti" Abundo.

Inorganisa ng Tagaytay Chess Club at ng National Chess Federation of the Philippines under auspices ng Asian Chess Federation ay limitado lamang sa maximum number 20 participants.

Ito ay may main objective ng FIDE Seminar para sa International Organizers upang makapag educate at certify ang mga organizers sa international basis.

Sa sino mang Successful Seminar na lalahok ay magagawaran ng FIDE IO Norm para sa FIDE IO title application.

May itinakda namang seminar fee na $200 US dollar kung saan English ang language na gagamitin sa seminar na ang mga topics ay regulations events commission (Mission, Members, Events Regulations and Titles, Event's Management.

Para sa iba pang mga detalye maaring mag mag email sacasto.abundo@gmail.com **(Marlon Bernardino)**



**NAGPAPALIWANAG** si Director Albert Almendralejo sa mga manunuod ng The Journeyman ng ganapin ang screening nito sa ginaganap na Cinemalaya 2018 sa CCP Pasay City. **(RGN)**




**ANG** tradisyonal na naagkakaisang hawak bola ang mga team managers at opisyal ng inilunsad na NBL National Basketball League na hanep talaga sa pag bagong sibol nito ng ganapin ang launching sa Dads Saisaki Edsa ang nasabing Liga. Magaganap naman ang opening ceremony ngayong buwan ng Agosto 25 sa Taguig City. **(RGN)**

## HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email add: hanepsports 2017@gmail.com

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



### SHELTEX MAGIC, PANALO

Nagpakita ng galing ang kabayong si Sheltex Magic na sinakyan ng hineteng si Deo Fernandez at tila walang anuman na iniwan ang kanilang mga nakalaban para sa isang 3YO na grupo. Hindi na nakaporma pa ang kanilang mga kalaban simula sa paglabas mula sa aparato at tumapos pa ng 1:22.2 (07'-24'-24'-28') para sa distansiyang 1,300 meters. Sa karerang iyan ay naobliga na napasabay na malapit sa harapan ang diremateng si Terryball ni Viong Camanero Jr. kaya wala nang idinating pagsungaw sa rektahan. Marami ang nakapuna sa kalahok na si Highway Hills na kilalang bumabandera sa laban pero iba ang ginawang diskarte sa kanya ni Dudong Villegas dahil pinaremate siya kaya dumating pa ng segunda sa laban. Kumbaga ay sinasanay ng koneksiyon ni Highway Hills na isunod o parematehin sa takbuhan ang nasabing kabayo. Speaking of pagparemate ay ganyan ang ginawang strategy ng koneksiyon ni Jebel Ali na kilala rin na banderistang kabayo pero sa dami ng may tulin sa arangkadahan ay pinaremate siya ni Jon Camanero Jr. at walang anuman na nilagpasan yung kanilang mga kalaban na maagang nagka- hagaran ng ayre sa banderahan. Ayon sa mga beteranong karerista ay mas mainam na pinaremate iyan si Jebel Ali kaysa sa pabanderahin tuwing may takbo dahil kinakapos ang kanyang hangin sa rektahan. Naorasan ang takbuhan na iyan ng 1:29.0 (13'-23'-25'-27') para sa 1,400 meters na distansiyang takbuhan. Grabe talaga ang inayre nung mga naghagaran sa unahan sa unang dalawang kuwartos na 13' at 23' na kapag ganyan ang sinimulan ay talagang lalakad lalo na iyong mga nasa ganyang grupo lang. Sa karerang iyan ay nabatak ang parehong dehado na sina Share Share ni Dunoy Raquel Jr. at Spratly Island ni Dan Camanero kaya maaari na silang pang- abang sa susunod na pagtakbo.



**MASAYANG** nagyakapan ang team mate na sila Greg Slaughter at Japeth Aguilar matapos nilang mapagtagumpayan ang kampeonato kontra San Miguel Beer sa game -6 ng 2018 PBA Commissioners cup sa Mall of Asia Arena. Pasay City. **(RGN)**

# KUMPYANSA SA ATHLETES NG PATAFA SA ASIAN GAMES

**NANINIWALA si PATAFA Philippine Athletics Track and Field Association President Philip Juico na may ibubuga naman ang mga atletang Pilipino lalo na sa makakaharap nilang katunggali para Asian Games na gaganapin sa Indonesia Jakarta.**

Ayon sa pahayag ni Juico na mas malaki ang pinagbago ng mga piling pang laban na atleta ang kanyang nakikita kung ang pag uusapan ay ang mga atletang pambato ng bansa.

Umaasa umano ang atletang pinoy na malalakas ang loob na makakapag dala ng karangalan sa bansa

Banggit pa nito na laban kung laban dahil sa hindi nila aatrasan lalo na kung angpag-uusapan ay ang para sa bayan idanagdag pa ni Juico na sakaling palarin ay hindi sila magadadalawang isip na pagkalooban naman "insintibo" "

Magkaganun naman hindi rin maikakaila na malalakis din naman ang ating mga makakatunggali na ilang bansa kung saan ay binanggit nito ang China na hindi maikakalang matatag sa Asiad.

Samantal tinukoy na rin ni Juico kung saan ay ang mga posebling may laban ang pinoy sa mga larong pole vault, hurdles, at ang ibang individual events. Na talaga naman tatapatan natin sila yun nga lamang kung ang pag uusapan ay ang pangkalahatang eh masasabi nating mahirap saad ni Juico.

# ISANG ARAL PARA SA SMB ANG PAGIGING NG GINEBRA

Masasabing isang matinding aral para sa kanilang pagkatalo ayon kay Leo Austria head coach ng San Miguel Beer makaraang masungkit ang kampeonato ng Ginebra sa PBA Commissioners Cup.

Kaugnay nito tuluyang nagsalita si coach na sa pagkakataong ito na sila ay nabigo kontra Ginkings na minsan lang nilang maranasan kung saan nagkataon pang finals game-6

Samantala may pag amin naman si Austria na naniniwala siya sa kakayahan ni coach Tim Cone kung saan ay tanda pa nito na mula ng siya ay naging parti ng Ginebra ay naghahangad na makamtan ang pagiging kampeonato.




**SI LVPI** President Peter Cayco sa mga mahahalagang detalye na kanyang tinalakay kaugnay sa pagpaptuloy ng Larong Volleyball sa bansa kung saan mula ng siya ay mahalal na bagong pangulo ng nasabing ahensiya kasama sa larawan ang pangalawang pangulo na si Joey Romasanta makaraang dumalo sa linggu-hang PSA Forum TAPA KING, Cubao Quezon City. **(RGN)**

# Lipa City's 21st CLEM Classrooms to be Officially Inaugurated

**By: Demee Angelica S. Ludia**

The 13th of August will be historical as the country's first batch of 21st Century Learning Environment Model (CLEM) Classrooms in Lipa City, Batangas will be officially unveiled to the public. The event will commence by 2PM at Inosloban-Maraoay National High School (INHS), one of the five public schools in Lipa City equipped with a 21st CLEM classroom.

This project was headed- and implemented by the Department of Science and Technology (DOST), CALABARZON together with its co-implementing agency, the DOST Science Education Institute. The 21st CLEM was also made possible the support of the Department of Education (DepEd) Schools Division of Lipa City and the Provincial Government of Batangas. The project is monitored by the DOST- Philippine Council for Industry, Energy, and Emerging Technology Research and Development. The inauguration will be a celebration of collaborative efforts put together by these agencies in trailblazing a modernized Philippine learning environment.

The event will also feature the ceremonial energization and internet powering through Pipol Konek of INHS. Meanwhile, inauguration of the 21st CLEM project will be livestreamed in public school beneficiaries, namely Lipa City National Science High School, Bolbok National High School, Pinagtongulan National High School and San Celistino National High School.

DepEd Secretary Leonor Briones, Department of Information and Communications Technology Acting Secretary Usec. Eliseo Rio, and the Chair of the National Electrification Administration Board of Administrators Armando Cusi will grace the event together with Senator Ralph Recto and Congresswoman Vilma Santos-Recto. Other expected guests are officials from DOST-SEI, DOST-CALABARZON, DOST-PCIEERD, and DepEd-CALABARZON

21st CLEM's mission is to support DepEd's K to 12 curriculum through being a modern avenue that will "create learning practices, human support, and physical environment to facilitate the development of the 21st century skills of both teachers and learners."

The inauguration will be a part of Lipa City's program called "Taking on the Challenge of the 21st Century."



**HULI** sa akto na humihithit ng shabu ang isang lalaki at isang babae nang pasukin ng kapulisan ng MPD Station 2 sa pamumuno nina Supt. Dave Mejia at SDET chief Sr./Insp. Tan ang bahay ng markadong tulak ng droga na pakay ng search warrant na si Cecila Simon, ng 236 Paghanap-in St., Tondo. Nakumpiska sa loob bahay ni Simon ang 45 piraso ng maliit na sachet ng shabu at apat na malaking pakete na nasa halagang 150K. **(BRIAN BILASANO)**



**BUMULAGTA** ang dalawang kilabot na tulak ng droga na si Arvie Garcia, alyas Bengkong, dating nakulong sa kasong robbery at droga, nang makipagbarilan sa buy bust operation ng mga tauhan ni MPD PS1 Supt. Jay Dimaandal sa pangunguna nina SDET C/Insp. Manny Israel at SM PCP Sr./ Insp. Dave Abarra sa Bldg 4 Happyland Tondo; gayundin si Darwin Nazardo, 44, nang manlaban sa drug operation ng mga operatiba ni MPD PS10 Supt. Erwin Dayag sa pangunguna ni SDET Sr./Insp Pidencio Saballo sa E. Valentina St. Paco, Maynila. **(BRIAN GEM BILASANO)**



**NAPATAY** ang drug suspect na si Robert Lumibao, alyas Ugat, ng 1451 Antipolo cor. Simoun Sts., Sampaloc, Maynila nang pumalag sa buy bust operation ng mga tauhan ni MPD Station 4 commander Supt. Andrew Aguirre. Ayon sa ilang residente, matagal na sa kalakaran ng droga ang suspek na ilang beses na umanong pinatitigil at pinaaalis ng barangay. **(BRIAN GEM BILASANO)**



**PATAY** ang isang drug suspect na nakipagbarilan sa katransaksyong police undercover sa buy bust operation ng mga tauhan ni MPD PS11 commander Supt. Carlito Mantala sa pinagsanib na pwersa nina PCI Sy, C/Insp. Salazar at C/Insp. Alden Panganiban. Nakita sa CCTV ang buong kaganapan sa Binondo, Maynila. **(BRIAN GEM BILASANO)**

# ANNE CURTIS: KUNG IBIBIGAY NG DIYOS, SUPER SAYA AKO



**SINO ba namang babae o misis ang hindi makakaramdam ng super saya kapag dumating na sa puntong pagbubuntis.**

Ganyan ang aktres na si Anne Curtis, aniya siyempre ay walang apaw ang kanyang kasiyahan kung ipagkakaloob na ng Diyos ang pagkakaroon niya ng beybi o anak.

Pero ito ay hindi pinaghahandaan o pinaplano ng TV host/actress.

Meaning basta dumating ang pagbubuntis ay ipinagkaloob iyon sa kanila ng kanyang mister na si Erwan Heussaff, na isang food blogger.

Sa edad ng aktres sa kasalukuyan na 33 ay right time para magkaanak.

Mukhang pagkakalooban na ng 'munting anghel' si Anne dahil alam naman ng marami na papalapit na ang total honeymoon ng mag-asawa.

## HANEP SHOWBIZ

Hindi ba at mismong si Anne ang nagsabi na ang unang honeymoon nilang mag-asawa ay sa South Africa gagawin.

Sabik na nga si Anne sa kanyang napipintong long vacation pagkatapos ng sobrang pagiging abala sa career.

Mukhang itong darating na Nobyembre maisasakatuparan ang pulo't gata ng dalawa.

Ang buong oras o atensiyon ni Anne sa panahon ng kanilang pagbabakasyon ay nakatutok siyempre sa kanyang husband.

Nakakatuwa dahil posibleng 'masapul' si Anne at pagkakaloban na ng supling, hahaha.

Very understanding si Erwan dahil hinayaan muna niya si Anne sa career nito.

Kaya natural na babawi naman ang TV host/actress para sa kanyang esposo.

Ulitin lamang po natin ah, kung iyong tungkol sa pagkakaroon ng supling ay hindi pa kasama sa plano ng mag-asawa.

Pero kung sadyang ipagkakaloob na nga ng Diyos ay super saya ang mararamdaman ni Anne pati mister niya.

Last year noong Nobyembre ang pag-iisang dibdib nina Erwan at Anne.

Isang engrandeng outdoor garden ceremony ang kasal na ginanap sa New Zealand.

Six years ang kanilang relasyon bilang boyfriend and girlfriend bago naisipan at nagpasyang magpakasal noong nakaraang taon.

@@@

DAHIL sa isang fashion show ay muling nagkita ang dalawang aktres na sina Sunshine Cruz at Teresa Loyzaga.

Sa naturang show ay kapwa rumampa ang kani-kanilang mga anak.

Ang dalawang aktres ay parehong naugnay o nagkaroon ng relasyon sa naging kontrobersiyal na aktor na si Cesar Montano.

After 13 years ng pagsasama nina Sunshine at Cesar ay humantong din ang kanilang kasal sa annulment noong 2013.

Tatlo ang naging anak nina Sunshine at Cesar na puro mga babae.

Si Teresa naman, na sa ngayon ay hindi na aktibo sa industriya, ay nobya noon ni Cesar bago pa man ikinasal.

Ang relasyong Cesar-Teresa ay nagkaroon ng bunga at ito ay si Diego Loyzaga na nasa sirkulasyon na rin ngayon.

Si Diego at ang isa sa mga anak nina Cesar at Sunshine na si Angelina Montano ang magkasamang rumampa sa nasabing fashion show.

Nakakabilib ang pagkikita-kita nila sa show na iyon na nagmistulang bonding.

Kaya naman nagbabalak ang dalawang celebrity mom na iyon ay muling maulit at sinusulat ko ito ay wala pang kumpirmasyon kung kailan mangyayari.





## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 77 labas)

"BAKA naman isipin ng mga tao ay masyado akong sakim sa puwesto eh."

Para hindi mahalata ni Inday na kunwari ay labis na nag-iisip ay biglang salita si Kardo.

Talagang bihasang-bihasa na si Kardo sa paggawa ng mga alibi o ang pagsisinungaling.

Ang ginawa naman na palusot ay iniisip kunwari ni Kardo ang maaaring sasabihin sa kanya ng mga tao.

"Alam mo Kardo, ang mga pinag-iisipan lamang ng mga hindi magaganda ay 'yung wala namang maayos na nagawa."

"Eh samantalanag ikaw ay kitang-kita naman ng mga tao ang lahat ng magagandang nagawa mo sa panahon ng pagiging chairman mo."

Basta para sa ikabubuti at sa wasto ay palagi lamang nakasuporta si Inday sa kanyang mister.

"Bahala na, medyo may panahon pa naman para makapag-isip-isip pa ako."

"Ang mabuti pa ay matulog na tayo para makapagpahinga at maaga pa ang lakad ko bukas."

Para hindi na humaba pa ang pag-uusap o kwentuhan ng mag-asawa ay niyaya na ni Kardo si Inday na matulog.

Hindi na nagtanong pa si Inday kung saan ang lakad ni Kardo kinabukasan.

Mapalad si kardo dahil buung-buo ang pagtitiwala sa kanya ni Inday.

"Akala ko 'di ka pupunta ngayon eh, kanina pa kaya ako naghihintay sa 'yo."

"Pero maiintindihan ko naman sakaling 'di ka makarating dahil alam kong subsob ka rin sa trabaho."

Kinabukasan ay kay Lyka ang destinasyon ni Kardo pagkatapos na sumaglit lamang sa barangay hall.

Nakapangako kasi si kapitan na masasamahan niya si Lyka para sa pre-natal check-up nito.

Nasabi kasi ni Lyka na maselan siya sa pagbubuntis kagaya sa unang naging anak niya.

Kabisado rin naman ni Kardo si Lyka na hindi dapat pinapangakuan.

Napakadaling magtampo ni Lyka kapag nangako sa kanya subalit hindi matutupad.

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-76 labas)

SA tulong ni James at ng kaibigan nito ay nakakuha ng mahalagang impormasyon si Dagul sa kanyang pakay.

"Oo, si Caloy na hinahanap mo ay 'yung pamangkin ni Aling Tita na minsan ay nakarating na rito sa aming lugar."

Lalo pang nabuhayan ng loob si Dagul sa iba pang mga binabanggit sa kanya ng kaibigan ni James.

"Talaga ba? Totoong narito ngayon sa Visaya si Caloy?"

Isang malaking palaisipan para kay Dagul ay ang narinig na kuwento sa kaibigan ni James.

Nang dumating raw si Caloy sa lugar na iyon ay bigtime o madatung, kumbaga ay paldo o maraming pera.

"Totoo 'yan, puro 'gudtym ang inaatupag ni Caloy bukod sa pagsusugal ay babae at alak."

"Buwenas 'nung mga una dahil halos palaging nananalo sa sugal kaya sige lang sa 'gudtym."

"Ang pinagtatakahan nga lamang namin ay kung bakit marami siyang pera nang dumating dito."

"Doon ko narinig na ang sabi ni Caloy ay dahil binigyan daw siya ng malaking pera ni Aling Tita."

"Pero pagbalik ni Caloy dito ay naging sakit na siya ng ulo ng kanyang pamilya."

Hinahayaan lamang ni Dagul sa pagkukuwento ang kaibigan ni James para makakuha siya ng mga sapat na impormasyon.

Gustung-gusto na kasing itanong ni Dagul kung nasaan na sa ngayon si Caloy.

Pero mahalaga para kay Dagul ang bawat kuwento o impormasyon na kanyang mapupulot o maririnig.

"Hayun, dahil problema na nga siya ng kanyang pamilya kaya bigla namang parang bula na nawala rito si Caloy."

"Nangyari 'yun kasi naubos na ang pera ni Caloy at ang balita ay may atraso pa siya sa sugalan."

Doon medyo nanlumo si Dagul nang sabihin sa kanya na si Caloy ay wala na sa lugar na iyon.

"Ang balita rito ay hinahanting si Caloy ng pinag-atrasuhan niya sa bahay-sugalan."

"Kung sakali ay baka sa bahay-sugalan na 'yun ay may mapulot kang impormasyon."

"Isa pa kasing umuugong dito ay madali sa mga tauhan ng nagpapasugal na magpahanap ng may atraso sa kanila."

(Sundan)

# SS CHARTER AMENDMENT TO BE STRINGENT ON BOARD MEMBERS' QUALIFICATIONS

**THE state-run Social Security System (SSS) on Thursday welcomed the recommendations of Sen. Franklin Drilon on the proposed amendment of the 21-year old charter of the pension fund, placing a more stringent measure to strengthen the Social Security Commission (SSC), the governing body of SSS.**

Drilon said during his interpellation of Committee Report 300 - Senate Bill No. 1753 that there should be measures to strengthen the SSC particularly on the qualifications of the commissioners being appointed to the SSC. He noted that the fund being managed by the SSS is people's money and not government's fund.

"From my experience, the Social Security Commission was not performing its function that it should really be; as in reviewing the policies of the Social Security System, performing the check-and-balance function because of the inadequacies of the members of the Commission," Drilon said.

Drilon served as Labor Secretary for three years making him an ex-officio member of the SSC from 1987 to 1990.

"For example, the Social Commission Chair is appointed usually because he or she is known to the appointing authority. I am not talking about a particular... i am not ascribing any inadequacy on any particular member, but just so the System, that in every look does not impose any qualification on the chairmanship of the Commission nonetheless it impose any qualification on the regular members of the Commission," he added.

Drilon also noted that because of the inadequacies of the appointed commissioners, they were not able to perform the task of debating on policies that the SSS management would like to promulgate.

SB 1753 sponsor Sen. Richard Gordon, current Chairman of the Senate Committee of Government Corporations and Public Enterprises, who championed the needed amendments to the SSS Charter to ensure the long term strength, stability and viability of the pension fund, agreed to the proposed addendum suggested by Drilon.

Likewise, SSS President and Chief Executive Officer Emmanuel F. Dooc also welcomed the recommendations of Drilon.

"We greatly appreciate the effort of Sen. Drilon who studied our proposed amendments and we are very open to his proposal to be more stringent on the qualifications of the appointed authorities because this will benefit the System. We see no harm on being strict with the qualifications of the commissioners, chairman and even the president and CEO. We agree with Sen. Drilon that this is the people's hard-earned money, so trustees of the fund should be very knowledgeable, competent and prudent in the management of the pension fund," Dooc said.

"We are very hopeful that the proposed amendment to the SS charter will be passed into law this year. We send our gratitude to our legislators in the high chamber, especially to Sen. Gordon for championing the proposed amendments," Dooc added.

The bill, if enacted into law, will expand, protect and grow the fund for its future and current members.



## UP joins SSS KaltaSSS - Collect Program

THE Social Security System (SSS) and University of the Philippines Open University (UPOU) formally signed a Memorandum of Agreement (MOA) for coverage of more than 60 Contract of Service (COS) and Job Order (JO) personnel under the KaltaSSS-Collect Program.

With the existing partnership with SSS, UPOU can register their JO and contract service workers as self-employed members and remit their contributions through salary deduction scheme.

Photo shows (from left) Corporate Executive Officer II of Accounts Management Section (AMS) SSS Sta. Cruz Branch Irmina R. Dela Cruz, SSS Sta. Cruz Branch Head Roman R. Belen, University of the Philippines Open University Chancellor Dr. Melinda DP. Bandalaria, and Human Resources Development Office (HRDO) Chief Administrative Officer Michael P. Lagaya during the official MOA signing held at the University of the Philippines Open University at Los Baños, Laguna last July 25, 2018.

# Cavite Greening Program: caring for environment

**General Trias, Cavite (PIA)** – A total of 1,050 fruit-bearing trees were planted along the river banks of Cañas River in a tree planting activity recently held here.

Said activity was in accordance with the Greening Program by the Provincial Government-Environment and Natural Resources Office (PG-ENRO) that aims to preserve the natural resources and protect the environment.

Participants in the activity were volunteers from the uniformed personnel of the Bureau of Fire Protection (BFP), Philippine National Police (PNP), ARESCOM and the employees of the provincial and city government, barangay officials, company staff and workers of donor companies.

Officers from the provincial government, Provincial Administrator for External Affairs Engr. Efren Nazareno, PG-ENRO head Engr. Ernesto Cenizal and City ENRO Dr. Renato Escurel were extremely grateful to all the participants especially to companies namely; San Miguel Yamamura, Linear-works, and PEZA-Cavite who continuously support this advocate thru their corporate responsibility.

Also, a Memorandum of Agreement for the continuous implementation of the project was signed by the provincial government (PGC), Barangay Pinagtipunan and Barangay Pasong Kawayan II. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from PICAD)***

# Anak, kinasuhan ng ina

HINDI nakuha sa masinsinang pag-uusap kaya humantong sa pagsasampa ng kaso ng isang ina laban sa sariling anak nang tutukan siya ng patalim sa kalagitnaan ng kanilang pagtatalo sa Bacoor City, Cavite.

Kasong grave threat ang isinampang kaso ni Estrella Bautista y Abistado, 71, isang balo, sa anak na si Michael Dausan y Abistado, 33, binata, walang trabaho, kapwa residente ng 210 Brgy. Maliksi 1, Bacoor City.

Sa report ni PO2 Roy Vincent Reyes, ng Bacoor City Police, dakong alas-9:55 ng gabi nang inaresto ang suspek ng mga opisyal ng barangay at inindorso sa Bacoor CPS.

Nauna rito, nagkaroon ng mainitang pagtatalo ang mag-ina dahil sa ginagastos sa ipinapadalang pera ng kanilang anak.

Hindi umano nakapagpigil ang anak na humantong sa panunutok nito ng patalim sa kay-ang ina. **GENE ADSUARA**

# Presong lolo, dedo

HINDI nakayanan ang matagal ng sakit ng isang 74-anyos na lolo nang tuluyang ng bumigay ang kanyang katawan sa pagkakakulong sa loob ng Custodial Center sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas ang biktimang si Rodolfo Martinez, ng Block 5B, Lot 109, Pahse 1, Brgy. 12 Dasmarinas City.

Sa report ni SPO1 Sean Francisco, ng Dasmarinas City Police Station, dakong ala-1:40 ng madaling araw nang isinugod sa ospital ang biktima matapos itong makaramdam ng hirap sa paghinga, giniginaw at mataas na lagnat.

Gayunman, dakong alas-6:44 ng gabi nang ideklarang patay ang biktima dahil sa sakit na Septic Shock Sec to Community Acquired Pneunomia, isang high risk na sakit.

Inaresto at nakulong ang biktima noong September 25, 2017 sa kasong Grave Threat in Relation to R.A. 9262. **GENE ADSUARA**



**CONSTANT WAY OF GIVING BACK TO SOCIETY:** A socio-civic activity to promote health and wellness among constituents was led once again by the provincial government of Cavite on August 6, 2018 at the covered court of Barangay Sta. Cristina II in Dasmariñas City. Access to basic free healthcare services and medicines for common ailments through the medical and dental mission was highly appreciated by a total of 296 residents. Barangay Chairman Maribeth Pascua along with her co-officials and health workers expressed high regards and gratefulness to Governor Boying Remulla for such endeavor that will strengthen their public health programs. — **(PICAD)**

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# DOH-CALABARZON STARTS ITS ROUND OF INSPECTION OF HEALTH FACILITIES

**Department of Health (DOH) – CALABARZON (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, Quezon) Regional Director Eduardo C. Janairo began his rounds of inspection of health facilities at the local communities in the region starting with the local government of Mabini, Batangas to ensure that health services, resources and amenities are available and ready to provide health care to residents 24/7.**

"We have to make sure that the health needs of the people in the community are given proper attention and that basic health needs are obtainable at the local level. This will also prevent patients from seeking health care from distant health facilities. It is cost effective and can also save lives," Director Janairo stated during a meeting with local health officials at the municipal health unit.

"These facilities must be well-maintained and complete with basic health supplies and medical equipment needed to provide basic health care service to patients. It is also equally important to evaluate the skills of our health human resource and provide them training if needed," he added.

The Local Government Code of 1991 devolved health services to local government units including the provision, management and maintenance of government health facilities such as district hospitals, provincial hospitals, RHUs and BHS.

There are a total of 211 rural health units in CALABARZON - 39 from Cavite; 42 in Laguna; 50 – Batangas; 36 – Rizal and 44 in Quezon. A total of 77 local government hospitals – 15 from Cavite; 15 in Laguna; 15 – Batangas; 14 – Rizal; and 18 in Cavite. There is one DOH-retained hospital namely Batangas Medical Center.

Director Janairo also visited the Rural Health Unit and the Mabini Community Emergency and Ancillary Hospital project which is still under construction for several years now due to budgetary cuts and assured local officials that the regional office will provide support for the completion of the facility.

The community hospital will cater to residents of three municipalities, namely Mabini, Bauan and Tingloy Island once it is completed.

"The major clients of government health facilities are the poor, and it is important that health facilities must not suffer neglect due to the inadequacy of health budgets because it is particularly to the them who need the services the most," he emphasized.




**DOH-CALABARZON** Director Eduardo C. Janairo (center), with Batangas PHTL Dr. Elizabeth V. Sario discusses with Dr. Melanio Ramir P. Beloso (left), Municipal Health Officer of Mabini, Batangas the importance of the Hyperbaric Chamber not only for the decompession sickness brought about by scuba diving but by treating other conditions such as serious infections, bubbles of air in the blood vessels, and wounds that won't heal as a result of diabetes or radiation injury. **BOY NAMORA**



ISANG Boodle fight ang isinagawa ng kapulisan sa pamumuno nina P/Supt. Nelvin Ricohermuso, chief ng RTD-NCRTC; P/Chief Insp. Joseph Gonzales; at SP03 Sonny Ramos, kasama ang mamamayan ng Tondo, kaugnay ng katatapos na tatlong araw na seminar ng PNP-NCRTC sa Capulong St,.Tondo Manila, na pinangunahan naman ni SP02 Larry R. Javier, Class President ng PSSLC Class 2018-01. Kabilang din sa mga dumalo sa boodle fight ay sina Mr. Fernando Vergel (ikalima mula sa kanan), isang businessman/ financial consultant founder ng Team Vergel; at P02 Arvy Macarasig, na siya namang tactical officer. **BOY NAMORA**

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Aso mo, itali mo

MUKHANG epektibo ang karatula o tarpaulin na may nakalagay o nakasulat na 'Aso Mo, Itali Mo' sa Veraneo Subdivision na sakop ng Barangay San Sebastian, Kawit, Cavite.

May ilang linggo na rin mula ng ikabit ang nasabing karatula, na nagsasaad ng kaukulang parusa o multa sa sino mang lalabag.

Kaya natin nabanggit na tila aprubado ito ay dahil sinasabing wala na raw 'askal' o asong kalye na gumagala-gala sa bisinidad o paligid ng subdivision.

Tama lang naman na kung ikaw ay mag-aalaga ng hayop o aso ay dapat na ito ay itali o kaya naman ay nasa loob ng bakuran mo.

Hindi biro ang makagat ng aso dahil alam naman natin na mapanganib ang rabies na kung minsan ay ikinamamatay pa.

May mga residente kasi sa subdivision na natatakot sa paglalakad dahil sa mga nakakalat na 'askal.'

Kaya ang iba ay napipilitang magpahatid sa tricycle hanggang sa kanilang bahay para lamang makaiwas sa aso.

Kapag naka-single motorcycle naman ay may asong nanghahabol na puwedeng mauwi sa disgrasya sa nagmamaneho o maging sa angkas.

Bale-wala para roon sa mga de-kotse o mga nakasasakyan dahil hindi sila mapeperwisyo ng asong nasa labas.

Pero kung perwisyo ang pag-uusapan ay isa pang dulot ng asong gala ay ang 'dumi' ng mga ito na nakakalat sa kalsada.

Sana lamang ay direditso na itong sundin at gawin ng mga residente ng naturang subdivision.

Hindi lamang dito bagkus sa lahat po ng subdivision o lugar ay pairalin sana ang katagang aso mo itali mo.

# 100 TODA officers and members attend SSS Sulit Forum

**LUCENA CITY, Quezon (PIA)**- Some 100 members of Tricycle Operators and Drivers Association (TODA) of Pacific Mall and Metro Lucena attended the SSS Sulit Forum organized by the Philippine Information Agency (PIA)- Quezon and Social Security System (SSS) last July 27, 2018 at Pacific Mall activity center, this city.

Senior Analyst Erwin Mauban of SSS Lucena City branch discussed the value of SSS membership to the attendees before the open forum.

Mauban encouraged the officers and members of the TODA- Pacific Mall and Metro Lucena particularly those who are non-SSS members to become a member of the Social Security System (SSS) and to avail SSS benefits by paying their monthly contributions as volunteer members.

Corporate executive officer Grace Valdez and Senior Analyst Rhodora Alday on the other hand led the open forum and entertained questions/queries from the attendees about the membership and the benefits that may be availed by the attendees.


During the forum, the officers and members of TODA-Pacific and Metro Lucena agreed with the SSS to put up an "Alkansiya" at the Pacific Mall, Lucena City to finance their monthly SSS payments/contributions.

The SSS-Sulit forum was held as part of the advocacy campaign program of the Philippine Information Agency (PIA) Region 4A and Social Security System (SSS) to increase the level of awareness of the attendees on SSS programs and activities.

Prior to the forum, the PIA-Quezon and SSS Lucena branch also organized a motorcade at the City proper to encourage other self-employed individuals to become regular members of SSS. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**




**HULI KA!** Kung ang mga pulis ay mismong pasaway, 'yun pa kayang mga motorista na nagpapark ng kanilang mga sasakyan sa bawal na lugar. Makikta sa larawan ang mga sasakyan ng mga PULIS naka-park sa kahabaan ng A. Mabini, Ermita, Manila malapit sa kanilang presinto. Bakit hindi ito nirereker, sagabal ito sa mga dumaraan sasakyan at nagdudulot ng matinding trapik sa lugar. **(Freddie M. Manalac)**



Kahit saan kalye sa Lungsod ng Maynila ay makikita sa tabi ng bangketa ang mga nagkalat na basura o na baka-plastik ito. Bakit hindi agad hinahakot ang mga ito? Dahil sa mabahong amoy nito ay dito nakukuha ang sakit o karamdaman ng isang tao. Mahirap bang hakutin ang mga ito?
**(FREDDIE M. MANALAC)**

# E-POWER MO

E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE

## We have the Energy Ability.

**Tamang pag-iingat,
pag-aalaga, at diskarte.**

May abilidad tayong mapanatiling sapat
para sa ating mga pangangailangan ang
**Enerhiya ng Ating Bayan.**



#EPowerMo
doe.gov.ph

**Department of Energy**